# Mga Pangkalahatang Regulasyon ng Platung Gerilya

Unang Edisyon
Hunyo 2006

Pambungad

Upang isulong ang malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya na nagtatamasa ng papalawak at papalalim na suportang masa, pinauunlad ng Bagong Hukbong Bayan ang platun bilang batayang pormasyon ng pwersa nito. Platun ang batayang pormasyon sa pag-oorganisa ng pwersa, pagbabalak at paghahati-hati sa saklaw at mga gawain, at pagpapatupad sa kumand, kontrol at koordinasyon ng pwersa sa isang tipikal na laking-kompanyang larangang gerilya ng BHB.

Platun ang batayang pormasyong pinakaakma para epektibong masaklaw ng laking-kompanyang pwersang gerilya ang lawak ng isang distritong kongresyunal habang tinitiyak ang tamang balanse sa konsolidasyon at ang lahatang-panig na pag-unlad ng larangan. Sa gayon, nailalatag sa pinakamabilis na paraang makakaya ang sapat na lawak ng mapagmamaniobrahan na may sapat na lalim ng baseng masa.

Sa pamamagitan ng platun bilang batayang pormasyon, natitiyak na ang tipikal na yunit gerilya ay may sapat na laki at lakas para mag-inisyatiba at magsarili sa pagsasagawa ng maliliit na taktikal na opensiba at epektibong lumaban kapag nalalagay sa depensiba. Ito ang salalayan ng pagpapatupad ng mga taktikal na opensibang nagbibigay-diin sa pangkalahatan sa malaganap na pagbira at paglipol sa maliliit, mahihina at nahihiwalay na mga tropa ng kaaway. Sa pagtitipon naman ng mga platun sa isang larangan o magkakalapit na larangang gerilya, magagawa rin ang panapanahong pagpapatama sa reaksyunaryong kaaway ng matitinding bigwas sa ulo.

Sa bawat larangang gerilyang pinauunlad, dapat mabilis na buuin ang tatlo hanggang apat na platun na ang bawat isa ay sumasaklaw sa isa o dalawang bayan o di kaya’y 20-30 karaniwang laking baryo. Isa sa mga platung ito ang tatayong pangunahing yunit o platung sentro de grabidad (SDG) at ang iba pa ay magiging mga sekundaryong yunit o platung sandatahang yunit pampropaganda (SYP). Relatibong nakakalat ang dispusisyon ng mga platung SYP habang relatibong nakakonsentra ang platung SDG.

Ang mga platun sa mga larangan (ang mga SYP gayundin ang SDG) ay mga pwersang teritoryal at itinuturing na mga pwersang horisontal ng BHB. Sila ang pangunahing pwersa sa pagpapaunlad at pangangalaga sa mga sona at baseng gerilya.

Relatibong nakakalat ang karaniwang moda ng pagkilos ng platun SYP dahil mas malaking panahon nito ang inilalaan sa gawaing masa. Inilalatag ang pwersa ng platun nang batay sa iskwad, may takdang lawak, at palaging buhay ang linya ng komunikasyon para sa mabilis na pagtitipon ng buong platun kapag kinakailangan. Nagkokonsentra ang platun upang magsagawa ng taktikal na opensiba, magsanay, magkonsolida at umasikaso ng iba pang katulad na gawain.

Ang platung SDG ang pangunahing pwersang panlaban, base ng pamatnugutan, at angklahan at tipunan ng mga platung SYP sa larangan. Upang magampanan ang gawaing ito, ang SDG ay pinakamainam na nakatalaga sa pinakamaunlad na bahagi o baseng gerilya ng larangan at sa mas maliit na saklaw kaysa sa mga SYP. Kung ihahambing sa mga SYP, naglalaan sila ng mas malaking panahon sa gawaing militar, laluna sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba.

Sa antas ng probinsya, subrehiyon at rehiyon, binubuo ang SDG na pwersang bertikal at laking-platun sa pinakamaliit. Ang mga ito ang pangunahing pwersang gulugod sa kani-kanilang saklaw at angklahan ng mga pwersa ng mga larangang gerilya. Ang mga ito ay sandata ng pamunuan ng Partido at pamatnugutang militar para sa mahahalagang proyektong pangmilitar at pampulitika sa saklaw. Ang mga pwersang bertikal ay mga pangunahing pwersang panagupa sa kanikanilang saklaw pero inilalaan pa rin nila sa gawaing masa ang humigit-kumulang 60% ng kanilang panahon.

Binubuo rin sa antas ng probinsya pataas ang mga platung panghimpilan na nangangalaga sa seguridad, suplay, komunikasyon, gawaing masa sa paligid ng himpilan, at iba pang suportang serbisyo para sa pamunuan ng Partido at hukbo.

Ang platun ay isang organikong kabuuan. Hindi ito simpleng pagsasama-sama ng tatlong iskwad na may kanya-kanyang programa at nagsasariling pagkilos. Isa itong pormasyon na may iskwad na nagsisilbing pangunahing bahagi (main body) at mga iskwad na pangmaniobra (maneuver squads). Upang isakatuparan ang mga gawain nito, gumagamit ito ng konsentrasyon, dispersal at paglipat ng mga iskwad nito.

Ang platun ay pwersang pangmilitar, pampropaganda at pamproduksyon. Pangkalahatang tungkulin nito ang pagsusulong ng mga gawain kaugnay ng pagbubuo ng base, armadong paglaban at rebolusyong agraryo.

Ang platun ay nangunguna sa pagbubuo ng lokal na mga yunit ng Partido at mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika. Ito rin ang nagtatayo, nagsasanay, nagpapakilos at nangangasiwa sa mga yunit milisya at pananggol-sa-sarili na nangangalaga sa demokratikong kapayapaan at kaayusan sa mga baryo.

Ang mga regulasyong ito ay inilalabas ng KTKS at Komisyong Militar bilang pangkalahatang tuntunin at gabay sa pagbubuo, pamumuno, pagpapatakbo at pamamatnugot sa mga platung gerilya.

## Unang Regulasyon
## Komposisyon ng Platung Gerilya

Reg.1.1. Ang platung gerilya ay binubuo ng tatlo hanggang apat na iskwad at 29 hanggang 36 na upisyal at tauhan.
Pinaliit ang platun kapag 23 hanggang 28 ang upisyal at tauhan at pinalaki kapag 37 hanggang 40.

Reg.1.2. Sa loob ng platun, italaga ang isang iskwad (kalimita’y ang ikalawa sa tatlong iskwad) bilang pangunahing bahagi (main body) at ang iba pang iskwad bilang mga iskwad na pangmaniobra (maneuver squads). Ang mga iskwad na pangmaniobra ay maaaring italagang bantay sa unahan (front guard) bantay sa likuran (rear guard) o bantay sa plankahan (flank guard) batay sa hinihingi ng kalagayan at gawain. Sa ganitong istruktura, mas maraming tauhan at mas malakas na armas ang nasa “main body” na siya ring basehan ng pamunuan ng platun.

Reg.1.3. Ang bawat iskwad ay may tatlong tim o sampung tauhan kabilang ang iskwad lider (IL).

Reg.1.4. Sa platung pinauunlad pa lamang, maaaring ituring na iskwad kahit ang yunit na may 7 elemento lamang – ang iskwad lider at 6 na tauhang nasa dalawang tim.

Reg.1.5. Ang bawat tim ng iskwad ay may 3 hanggang 5 tauhan kabilang ang tim lider (TL) at may hindi bababa sa 3 ripleng mataas ang kalibre. Ang isang tim ay pwedeng magkaroon ng hanggang 2 tauhang walang ripleng mataas ang kalibre.

Reg.1.6. Ang platun lider (PL) at pampulitikang intruktor (PI) ay hindi regular na kagawad ng alinmang iskwad subalit maaaring sumanib sa isa sa mga iskwad batay sa pangangailangan ng gawain. Ang iskwad lider (IL) ay hindi rin ibinibilang na regular na kagawad ng alinmang tim kahit palagi siyang sumasanib sa isa sa mga tim ng kanyang iskwad. Ang tim lider ay bahagi ng tim.

Reg.1.7. Upang magkapare-pareho, ang mga iskwad ay babansagan ayon sa numero.
Kaya:
Uno ang unang iskwad,
Dos ang ikalawang iskwad,
Tres ang ikatlong iskwad, at
Kwatro ang ikaapat na iskwad.

## Ikalawang Regulasyon
## Pamumuno ng Partido sa Platun Gerilya

Reg.2.1. Ang platung gerilya, tulad ng buong BHB at lahat ng iba pang pormasyon nito, ay nakapailalim sa absolutong pamumuno ng Partido. Ipinatutupad nito ang mga patakaran, desisyon, atas, direktiba, plano at misyong iniaatas ng mga sentral na organo ng Partido, Komisyong Militar at kinauukulang namumunong komite ng Partido na nakakasaklaw dito. Sa larangang gerilya, namumuno sa lahat ng platung gerilya ang Komite ng Partido sa Larangang Gerilya (KP-LG) at Komiteng Tagapagpaganap nito (KT). Ang KP-LG ang tuwirang nagtatakda sa pakat ng mga platun, kabilang na ang pagkokonsentra, paghihiwa-hiwalay at paglipat ng mga ito.

Reg.2.2. Itinatayo sa loob ng platun ang Sangay ng Partido sa Platun (SPP), na kinabibilangan ng lahat ng kasapi ng Partido. Ang SPP ay may komiteng tagapagpaganap (KT) at kalihimang binubuo ng kalihim at una at ikalawang pangalawang kalihim. Titiyakin ng SPP ang pamumuno ng Partido sa platun at mga gawain nito.

Reg.2.3. Binubuo ang grupo ng Partido sa bawat iskwad. Maaari ding magbuo ng grupo ng Partido sa mga taktikal na grupo o ispesyal na yunit ng hukbo na maaaring buuin para sa mga ispesyal na gawain sa ilang takdang panahon. Ang grupo ng Partido ay binubuo ng lahat ng kasapi ng Partido sa iskwad o yunit. Pinamumunuan ito ng kalihim ng grupo, katulong ang dalawang pangalawang kalihim.

Reg.2.4. Ang KT-SPP ay tatayo ring bag-as ng Komiteng Seksyon ng Partido sa isang bayan o katumbas na saklaw.

Reg.2.5. Ang sangay ng Partido sa platun, maliban kung nasa platung SDG na pansamantalang itinatalaga sa seksyon, ay mapapailalim sa komiteng seksyon bilang pinakamataas na teritoryal na komite ng Partido.

Reg.2.6. Ang SPP ang tumatanggap ng ulat ng kumander at ng istap, at ng ulat ng pampulitikang instruktor (PI ) at kapulungan ng mga giyang pampulitika. Panapanahong tinatasa nito ang komprehensibong kalagayan sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ng Partido at ang kalagayan ng platun at mga gawain nito.

## Ikatlong Regulasyon
## Dalawahang Pamumuno sa Platun

Reg.3.1. Matapos ang mga pulong ng SPP o KT nito, ipinapatupad ang pamumuno sa platun at mga gawain nito batay sa sistema ng dalawahang pamumuno sa hukbong bayan. Ang mga tungkulin at gawaing militar ay ipinapatupad ng pulong ng kumand at ng kumander. Ang mga tungkulin at gawaing pampulitika ay ipinapatupad ng pampulitikang instruktor at kapulungan ng mga giyang pampulitika. Sa antas ng platun, ang kabuuang pagpapatupad ng mga gawaing pangmilitar at pampulitika ay kinokoordina at pinangangasiwaan ng yunit kumand (YK).

Reg.3.2. Ang kapulungan ng mga giyang pampulitika ay pinamumunuan ng PI at regular na idinadaos para talakayin ang kalagayan ng gawaing pampulitika, isaayos ang koordinasyon at pagtutulungan sa gawain, lutasin ang mga problema, at maghanda ng ulat sa SPP.

Saklaw ng gawaing pampulitika ang mga sumusunod:

a. pagtiyak na ang mga patakaran, desisyon, at plano ng Partido ay maagap at mahusay na naipapalaganap sa platun at saklaw nito at masigasig na naipapatupad;
b. paggawa ng plano sa implementasyon at pangangasiwa sa pagpapatupad ng programa sa gawaing pampulitika;
k. regular na pagsasagawa ng “3 pagsusulit” (“3 check-ups”) at tuluy-tuloy na pagpapaunlad sa kamulatang pang-ideolohiya at pampulitika ng mga upisyal at mandirigma, partikular sa kanilang rebolusyonaryong diwa at kahandaang lumaban at magsakripisyo;
d. pagbubuo, pangangalaga at pagpapahigpit sa pagkakaisa ng mga upisyal at mandirigma at ng hukbo at mamamayan;
e. gawaing propaganda at iba pang gawain para lansagin ang pwersa ng kaaway;
g. pagpapairal ng demokrasya sa larangan ng pulitika, militar at ekonomya;
h. pagtatasa sa kakayahan at pag-unlad ng bawat pinuno at mandirigma, pagtiyak na natutulungan ang bawat isa na paunlarin ang sarili at lutasin ang kanilang mga problemang pampulitika at personal;
i. pangangasiwa sa internal na seguridad ng platun upang mapangalagaan ang mga lihim ng Partido at hukbo at hadlangang makapuslit ang mga espiya at di-kanais-nais na elemento;
l. pagsasagawa ng panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri sa lugar na kinikilusan, patuloy na pagpapalalim dito, at matamang pagsubaybay sa mga pagbabago sa sitwasyong pampulitika;
m. gawaing propaganda at edukasyon sa loob ng hukbo;
n. pagpapatupad ng gawaing masa at rebolusyong agraryo;
ng. pagbubuo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika at pagpapalawak at pagpapalakas ng pambansang nagkakaisang prente;
o. pagrerekrut ng mga bagong Pulang mandirigma; at
p. pag-uulat sa nakatataas na organo ng Partido tungkol sa takbo ng gawaing pampulitika ng sangay ng Partido at paggawa ng mga kaukulang rekomendasyon.

Reg.3.3. Ang kalihim, bilang kinatawan ng Partido sa platun, ang tumatayo bilang Pampulitikang Instruktor (PI). Siya ay katapat ng Kumander o Platun Lider (PL) batay sa saligang sistema ng dalawahang pamumuno sa hukbo. Ang kalihim/PI ay itinatalaga ng nakakataas na komite ng Partido o ihinahalal ng SPP.

Reg.3.4. Tungkulin ng PI at kapulungan ng mga giyang pampulitika ang sumuporta sa pamumunong militar ng kumander at magpaunlad sa mga pampulitikang rekisito upang patibayin ang determinasyon at pahusayin ang paggampan ng pwersa sa mga labanan at iba pang gawaing militar. Kabilang dito ang sumusunod na mga gawain:
a. sumuporta sa kumander para mapalakas ang kanyang inisyatiba sa pamumunong militar habang nagmamatyag at aktibong nagsusuri at nagpapaliwanag tungkol sa mga implikasyon sa pulitika ng mga pagkilos ng platun;

b. maging mahusay na halimbawa at humikayat sa pwersa na tumalima sa disiplina at mga utos at masigasig na gumampan sa mga tungkuling militar;
k. maagap na lumutas sa mga problemang nakakasagabal o nakapagpapahina sa kasigasigan ng pwersa sa pagganap sa mga tungkuling militar;
d. tiyaking may angkop na mga pampulitikang paghahanda sa mga aksyong militar upang mapatibay ang determinasyon ng pwersa at maengganyo ang kanilang kahusayan sa paglaban;
e. maging halimbawa sa kasigasigan sa pagsasanay militar at sa pagpapakahusay sa mga teknik at taktika sa pakikihamok; at
g. maging aktibo at mahusay na halimbawa sa gitna ng mga labanan at manguna sa pagpapataas sa kasigasigan ng mga upisyal at mandirigma sa gitna ng pakikihamok.
Reg.3.5. Tinitiyak ng PI na nangunguna ang pulitika sa lahat ng pagkilos ng platun. Para magawa ito, pinag-uukulan ng PI ng matamang pansin ang edukasyon sa mga patakaran at alituntunin ng Partido at hukbo, maagap siyang nagpapatawag ng mga konsultasyon ng YK, at aktibo siyang nagbibigay ng mga payo. Kapag sa kanyang pagtatasa ay mayroong utos ang PL na may tiyak at malaking negatibong epekto sa pulitika, kailangang gawin ng PI ang lahat ng makakaya para paliwanagan ang PL. At kapag hindi nakumbinsi ang PL, maaaring iharap ang usapin sa sangay ng Partido (o KT ng sangay) at sa nakakataas na komite ng Partido sa pinakamaagang panahong maaari para mabigyan ng kaukulang pansin at resolusyon.

## Ikaapat na Regulasyon
## Ang Pulong ng Kumand, Yunit Kumand at Kumander

Reg.4.1. Regular na idaraos ang pulong ng kumand ng platun. Tatalakayin ng pulong ng kumand ang mga usaping nangangailangan ng kontribusyon at partisipasyon ng mga lider at pangalawang lider ng mga iskwad tulad ng plano sa isang taktikal na opensiba, plano sa implementasyon ng isang aksyon o gawain, mga pagbabago sa sitwasyong militar at mga katulad nito.

Reg.4.2. Dadalo sa pulong ng kumand ang PL, mga pangalawang platun lider, PI at mga lider at pangalawang lider ng mga iskwad.

Reg.4.3. Dahil malaking bahagi ng gawain ng platun ay gawaing masang ipinatutupad sa pabagu-bagong sitwasyong pulitiko-militar, madalas na magkasanib ang pulong ng kumand at pulong ng mga giyang pampulitika ng platun upang matiyak ang masaklaw at masusing pagtalakay sa mga pangunahing gawain.

Reg.4.4. Ang yunit kumand o pamatnugutan sa operasyon ng yunit ang organong nangangasiwa sa platun at pagpapatupad ng iba’t ibang gawain nito. Binubuo ito ng platun lider (PL), pangalawang platun lider at pampulitikang instruktor (PI).

Reg.4.5. Batay sa sistema ng dalawahang pamumuno sa hukbo, nangunguna ang PL sa pagtalakay at pagsasaayos ng gawaing militar samantalang ang PI ang nangunguna sa pagtalakay at pagsasaaayos ng gawaing pampulitika. Hangga’t maaari, kahit sa gitna ng labanan, pinakamainam kung may kolektibong konsultahan ang yunit kumand para sa mas masusing pagsusuri at mas maingat na pagpapasya.

Reg.4.6. Ang kumander o platun lider (PL) ang pangkabuuang pinunong militar ng platung gerilya. Siya ang pangunahing tumitiyak at nananagot sa pagpapatupad sa mga tungkulin, patakaran, disiplina at maniobrang militar ng yunit. Tinitiyak niyang laging mataas ang kahandaang militar ng buong yunit at bawat mandirigma. Sa gitna ng labanan at mga pangyayaring kagipitan, may tungkulin at awtoridad siyang gumawa at magpatupad ng mga madaliang desisyon kahit hindi ikinokonsulta sa iba pang nangungunang upisyal ng platun.

Reg.4.7. Partikular na tungkulin ng platun lider ang mga sumusunod:

a. mahigpit na unawain ang mga patakaran, plano at tungkulin ng Partido, manguna sa paggawa ng mga planong pang-implementasyon ng mga gawaing militar at tiyaking naipapatupad ng platun ang mga tungkulin, desisyon at planong militar;
b. masusing pag-aralan ang sitwasyon, partikular ang sitwasyong militar -- katangian, kilos, hakbangin at taktika ng kaaway at ng yunit gerilya -- sa eryang kinikilusan at sa buong larangan, at gumawa ng akmang mga hakbang, taktika at pamamaraan para mapangalagaan ang yunit, isulong ang mga tungkulin, at gapiin o biguin ang mga pag-atake at pakana ng kaaway;
k. mangasiwa sa araw-araw na pagkilos at dispusisyon ng platun upang maisakatuparan ang mga gawain at umangkop sa pagbabagu-bago ng sitwasyong pulitiko-militar;
d. pamunuan ang platun sa mga labanan at tiyakin ang tama at mabisang pagmamaniobra ng pwersa para mapreserba ang sarili at magapi ang kaaway;
e. paunlarin at panatilihin ang mataas na antas ng disiplinang militar, kahusayan sa taktika at teknik sa pakikipaglaban kaakibat ng mataas na antas ng kahandaang lumaban at magsakripisyo ng buong platun at bawat upisyal at mandirigma;
g. tiyaking nalalaman ng buong yunit ang pangkalahatang sitwasyong pulitiko-militar, ang kabuuang plano at pagkilos ng yunit, at mga aral sa mga karanasan sa pamamagitan ng mahusay na pagpapairal ng demokrasya sa larangang militar;
h. mahigpit na pangalagaan ang seguridad ng yunit, mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan sa saklaw na kinikilusan laban sa pamiminsala ng kaaway at mga elementong kriminal;
i. tiyaking komprehensibong naaasikaso ang iba’t ibang gawain ng platun; naoorganisa, nasasanay at napapagana ang mga istap at mga upisyal ng istap upang mabisang magampanan ang maraming gawain at masanay ang mga upisyal nito sa pagbalikat ng responsibilidad;
l. mahigpit na makipagkoordina at makipagtulungan sa pampulitikang instruktor sa pagpapatupad ng iba’t ibang gawain ng platun, sumuporta sa kanyang pangangasiwa sa gawaing pampulitika at aktwal na gumanap ng kanyang papel sa mga ito at maagap na resolbahin sa mga pulong ng sangay ng Partido ang mga problema at usapin;
m. gumawa ng regular at ispesyal na mga ulat para sa Partido at nakakataas na kumand hinggil sa sitwasyong militar, kilos at taktika ng kaaway, kalagayan ng yunit at ng lugar na kinikilusan, mga labanan at iba pang aktibidad at planong militar ng yunit.

Reg.4.8. Maaaring magkaroon ng dalawa o tatlong pangalawang platun lider ang isang platung gerilya. Itinatakda ito ng nakatataas na komite ng Partido batay sa rekomendasyon ng SPP.

Reg.4.9. Kapag hindi makakaganap ang platun lider sa kanyang responsibilidad bilang pangkalahatang pinunong militar ng platun, awtomatikong hahalili ang unang pangalawang platun lider. Ang ikalawang pangalawang platun lider ay hahalili kapag hindi makagaganap kapwa ang platun lider at unang pangalawang platun lider.

Reg.4.10. Ang PI ay maaari ding ihanay bilang isang PPL na pwedeng humawak ng pangkabuuang pamumuno sa platun kapag mayroong kagipitan. Matapos ang panahon ng kagipitan, mas mahusay na ipahawak sa iba ang responsibilidad bilang PL.

Reg.4.11. Ang pangalawang platun lider (PPL), maliban sa tungkulin bilang kagyat na panghalili sa platun lider, ay maaaring itakda rin ng SPP bilang pinuno sa paniktik at bigyan ng PL ng mga ispesipikong responsibilidad bilang katulong sa pangangasiwa sa buong platun. Karaniwan ding tumatayo bilang isang iskwad lider ang PPL.

Reg.4.12. Ang pamunuan ng iskwad ay bubuuin ng iskwad lider (IL), giyang pampulitika (GP) at pangalawang iskwad lider (PIL). Ang bawat tim ng iskwad ay pamumunuan ng isang tim lider (TL).

Ikalimang Regulasyon
Mga Katulong na Kapulungan ng Kumand sa Platun

Reg.5.1. Sa loob ng platun ay paiiralin ang sumusunod na mga kapulungan bilang katulong ng kumand para mapasinop at mapabilis ang mga gawain: kapulungan ng mga giyang pampulitika, kapulungan ng mga upisyal sa paniktik, kapulungan ng mga upisyal sa lohistika at kapulungan ng mga medik. *Dahil sa direkta at taktikal ang ugnay at paggabay ng komite sa larangan sa mga pwersa at gawain sa antas ng seksyon at platun, simple lang ang moda ng pamumuno, pagbabalak at operasyon ng mga seksyon at platun at kung gayon ay simple at streamlined ang istruktura ng mga platun*. Hindi kinakailangan ang pagbubuo ng mga istap sa antas ng platun nang hiwalay pa sa istruktura ng pamunuan ng larangan.
Reg.5.2. Ang upisyal na mamumuno sa bawat kapulungan ay itinatalaga ng SPP. Sa kabuuan, ang mga upisyal na ito ay dapat na:
a. makaunawa nang mabuti sa nilalaman ng mga programa at plano ng platun;
b. gumawa o manguna sa paggawa ng kinakailangang plano sa pagpapatupad ng mga tungkuling itinakda ng sangay o ng kumand, ipaabruba ito sa kumand, mangasiwa sa pagpapatupad nito at maagap na magsumite ng regular at ispesyal na ulat sa kumand at sa sangay;
k. dumalo sa pulong ng kumand at istap at magsumite dito ng kinakailangang ulat at mga mungkahi; at
d. magbigay ng sapat na kaalaman at oryentasyon sa lahat ng mga mandirigma sa nilalaman ng gawaing gagampanan nila, at magsanay ng mga mandirigma na susunod na maitatalaga sa gawaing istap.

Reg.5.3. *Ang kapulungan ng mga upisyal sa paniktik ay may pangkalahatang tungkulin na tumulong sa kumand na mangalap ng mahahalagang impormasyon na mapagbabatayan sa pagtatasa ng sitwasyong militar at paggawa ng plano sa operasyon at pagkilos ng platun.*

Reg.5.3.1. Partikular na saklaw ng gawaing paniktik ang:
a. alamin at tiyakin ang layunin ng gawaing paniktik ayon sa tungkulin at plano ng Partido at ng kumand, gumawa ng partikular na plano sa pagpapatupad ng gawaing paniktik at batay sa aprubal at bilin ng kumand ay mangasiwa sa pagsasakatuparan ng mga ito;
b. isakatuparan ang mga pag-aaral at pagsasanay para itaas ang kabuuang kaalaman at talas ng mga mandirigma ng platun, milisya at mamamayan sa mga usaping paniktik at panseguridad;
k. mangasiwa sa pangkalahatang pagkuha ng mga impormasyong kinakailangan ng platun at ng SPP para mabisang makapagtasa sa kalagayang pulitiko-militar;
d. mangasiwa sa pagkuha ng datos-paniktik para sa operasyong pangkombat at iba pang operasyong militar ng platun;
e. mangasiwa sa pagpapatakbo ng gawain sa kontra-paniktik ng platun at tumulong sa pagpapatakbo ng kontra-paniktik sa kinikilusang lugar; dapat tiyakin ng kapulungan ng mga upisyal sa paniktik na nabubuo ang kaalaman nito sa lambat at rekurso ng iba't ibang ahensyang paniktik ng kaaway sa saklaw ng kinikilusang lugar sa pamamagitan ng paglalatag ng lambat para alamin ito. Sa gayon, makakagawa ng angkop na plano at hakbang upang mapawalambisa ang paniktik ng kaaway at magawa siyang "bulag at bingi".
g. magbuo, magsanay at magpakilos ng lambat sa paniktik na kinapapalooban ng mga ispisipikong sinanay at binigyan ng tungkulin sa paniktik mula sa hanay ng milisya, yunit pananggol-sa-sarili, mga impluwensyadong elemento, mga kaalyado at iba pang mga kaibigan; tiyakin ang kamulatan, kaalaman at

kompartmentalisasyon ng lambat; at gumawa ng ekstrang pag-iingat na mapangalagaan ang seguridad ng bawat indibidwal na nasa lambat; at
h. magsubmite sa kumand at sa SPP ng regular at ispesyal na mga ulat paniktik na kapapalooban ng mga nakuhang datos sa paniktik at ng pagsusuri at pagtaya sa mga datos na iyon.

Reg.5.3.2. Bagamat inaasikaso ng kapulungan ng mga upisyal sa paniktik ang pagmonitor sa kilos at lambat sa paniktik ng kaaway, hindi na saklaw ng gawain nito ang pagmonitor sa mga pinaghihinalaang impiltrador o pagkasangkot sa kaaway ng mga kasapi ng Partido, lider masa o upisyal at mandirigma ng hukbo. Anumang impormasyong kaugnay nito na makukuha ng istap ay dapat ibigay sa PI para sa kaukulang pagpoproseso at patuloy na pag-iimbistiga.

Reg.5.4. Ang kapulungan ng mga upisyal sa lohistika (P4) ang tumutulong sa kumand sa pangangasiwa ng pangangalap, pagbabadyet, alokasyon at dispusisyon, pagtatala, pangangalaga at pag-iingat ng pinansya at lohistika. Tumutulong din ang P4 sa kumand at sa seksyon ng Partido sa pag-aaral, pangangasiwa at pagsasakatuparan ng mga proyekto para sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng mamamayan at ng panustos ng pamahalaang bayan sa lugar na kinikilusan.

Reg.5.4.1. Partikular na gawain ng P4 ang sumusunod:
a. alaming mabuti ang sitwasyon at mga plano ng Partido at ng YK at ang mga umiiral na patakaran at oryentasyon sa pinansya at kabuhayan, ipartikular ang mga plano sa pagpapatupad ng mga tungkulin ng istap at matapos ang pagsang-ayon ng kumand ay ipatupad ang mga ito;
b. bigyang prayoridad ang pag-aasikaso sa produksyon at pangangalap ng pinansya at lohistika ng platun upang makamit nito ang kakayahang suportahan ang sarili at makapag-ambag sa pondo ng larangan;
k. tiyakin na may sapat at maagap na probisyong pangkabuhayan at lohistika ang platun sa araw-araw na pagkilos, sa panahon ng mga pagtitipon, mga planong aksyong militar at sitwasyong pangkapigitan;
d. tiyaking naisasagawa ang mahusay na rekomendasyon sa badyet, masinop na rekord ng nakalap, nagamit at nakatagong panustos at lohistika at maagap na iulat ito sa kumand, sangay ng Partido at sa kabuuan ng platun;
e. tiyaking naipapatupad ang demokrasya sa larangan ng kabuhayan, naipapaalam at naipapaunawa sa buong platun ang mga patakaran at kalakaran sa kabuhayan at pinansya ng platun at, habang tinutugunan ang mga batayang pangangailangan ng bawat kagawad ng platun, ay naisasakatuparan ang pagtitipid, simpleng pamumuhay at mahirap na pakikibaka;
g. tumulong sa pagbabalak at pagsasakatuparan ng mga proyekto at kampanyang produksyon at pangkabuhayan sa lokalidad na kinikilusan at sa pag-oorganisa at pagsasanay ng mga pinuno at kagawad ng mga komite sa kabuhayan ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa at mga istap sa pinansya at lohistika ng mga milisyang bayan;
h. tumulong sa pagbubuo at pagpapakilos ng lambat ng serbisyong suporta sa kabuhayan ng platun; at
i. tumulong sa kumand sa pagbabalak at pangangasiwa sa gawaing produksyon ng platun.

Reg.5.5. Ang kapulungan ng mga medik (P5) ang tumutulong sa kumand na tiyaking mahusay ang kalagayang pangkalusugan ng buong platun at gumagampan sa pag-aasikaso sa pangangailangang medikal ng platun. Tumutulong din ang P5 sa Komiteng Seksyon sa pag-aasikaso at pangangasiwa sa kabuuang gawaing pangkalusugan at medikal sa lokalidad.
Reg.5.5.1. Partikular na saklaw ng gawain ng P5 ang sumusunod:
a. alaming mabuti ang sitwasyon at mga plano ng Partido at ng YK at ang mga umiiral na patakaran at oryentasyon sa gawaing pangkalusugan, ipartikular ang

mga plano sa pagpapatupad ng mga tungkulin at matapos ang pagsang-ayon ng kumand ay mangasiwa sa pagpapatupad nito;
b. bigyan ng saligan at papaunlad na kaalaman ang kabuuang kasapian ng platun hinggil sa batayang pananaw at syentipikong pagharap sa gawaing pangkalusugan, bigyan ng maagang lunas ang mga may sakit, at manguna sa kabuuang pagsisikap na manatiling malusog ang bawat mandirigma ng platun;
k. magbigay ng rekomendasyon sa kumand at sangay kaugnay sa dispusisyon ng mga kasamang may sakit kapag hindi makayanan sa yunit ang pangangalaga sa kanila;
d. magsanay ng mga karagdagang medik sa loob ng platun;
e. tumulong sa: pagsasanay ng mga medik at upisyal pangkalusugan sa hanay ng milisya at mga organisasyong masa; pagbubuo at pangangasiwa ng mga komite o grupong pangkalusugan sa hanay ng mamamayan sa lokalidad na kinikilusan; pakikipag-alyansa sa mga progresibong elemento sa sektor pangkalusugan; at paglulunsad ng mga kampanya o proyektong pangkalusugan;
g. tiyaking naitatayo ang lambat ng suporta para sa pangangailangang pangkalusugan at medikal ng hukbo kabilang ang suportang serbisyo mula sa lokalidad at mga nasa sentrong bayan; maagap na nasusuri ang kabuuang kalagayan at mga problema sa kalusugan ng platun at ng lugar na kinikilusan ng platun, at naisusumite ang ulat at rekomendasyon sa kumand at sa sangay.

Reg.5.6. Maari ding magbuo ng mga taktikal na grupo o tim para sa mga ispisipikong misyong kaugnay ng gawaing pangkalusugan na pangangasiwaan o sasamahan ng P5 batay sa hinihingi ng kalagayan. Kalimitang binubuong grupo kaugnay nito ay ang grupong magbibigay ng serbisyong medikal sa baryo, grupong bubuo ng isang klinik para temporaryong asikasuhin ang isa o ilang pasyente, at mga katulad nito.

Reg.5.7. Isang mayor na gawain ng kumand ang pagsasanay. Sa antas ng platung gerilya, ang gawaing ito ay aasikasuhin ng kumand o pulong ng kumand at maaaring hindi na magbuo ng isang natatangi at permanenteng istap.

## Ikaanim na Regulasyon
## Tipunan ng Lokal na Armadong Pwersa ng Mamamayan

Reg.6.1. Ang mga platung nasa gawaing masa ang pangunahing pwersa ng BHB sa kani-kanilang saklaw na lokalidad at nagsisilbing bag-as at tipunan (rallying point) ng lokal na mga armadong pwersa ng mamamayan (milisya at yunit pananggol-sa-sarili sa mga baryo). Ang mga platung gerilya ang nagtatayo, nagsasanay, nagpapakilos, gumagabay at tumatahi sa lokal na mga armadong pwersa ng mamamayan.

Reg.6.2. Habang nabubuo at napauunlad ang mga organisasyong masa, lokal na sangay ng Partido, organo ng rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitika, yunit ng milisyang bayan at pananggol-sa-sarili sa mga baryo – lalong lumalaki ang responsibilidad ng platun bilang pangunahing pwersang gerilya sa lokalidad. Kaugnay nito, haharapin ng platun ang sumusunod na mga tungkuling pulitiko-militar sa teritoryo:
a. subaybayan ang kabuuang kalagayang pulitiko-militar sa lugar upang maagap na makapagsumite ng mga pagsusuri at rekomendasyon sa kinauukulang namumunong komite ng Partido, mag-abiso sa iba pang platun, magbigay ng karampatang gabay sa mga lokal na pwersa at mamamayan, at gumawa ng kaukulang dispusisyon at mga hakbang;
b. tukuyin at nyutralisahin ang lambat at mga galamay sa paniniktik at pananabotahe ng kaaway;
k. palawakin at palalimin ang kilusang lihim, ipalaganap sa loob ng hukbo at sa hanay ng masa ang kampanya sa paglilihim, at istriktong ipatupad ang mga tuntunin sa lihim na pagkilos ng mga yunit gerilya;

d. pataasin ang pagpapahalaga at pangangalaga ng masa sa seguridad sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na gawaing propaganda at edukasyon, at ipalaganap ang mahusay na mga karanasan at pamamaraan sa paglilihim at sa paglaban at pagbigo sa mga panggigipit, pananakot, panlalansi at pag-iimbestiga ng kaaway;
e. isulong ang mga aksyon at operasyong militar (opensiba at depensiba) na kinakailangan at makakayanan upang mapatatag ang baseng masa, mapangalagaan ang kapakanan ng mga rebolusyonaryong pwersa at masa, at mabigo ang mga pananalakay at kontrarebolusyonaryong pakana ng kaaway;
g. pasiglahin ang pagsuporta at partisipasyon ng mga lokal na armadong pwersa at masa sa mga operasyon at gawaing militar; at
h. pangunahan ang pagpapatupad sa mga batas ng pamahalaang bayan at pangangalaga sa demokratikong kaayusang publiko laban sa mga kontrarebolusyonaryo at kriminal.

Ikapitong Regulasyon
Pleksibilidad ng Platung Gerilya

Reg.7.1. Dapat matuto at magpakahusay ang platung gerilya sa tama at napapanahong paggamit ng mga batayang taktikang gerilya ng konsentrasyon, dispersal at paglipat. Kritikal na mapanatili nito palagi ang mataas na antas ng inisyatiba, mobilidad at pleksibilidad para mapangalagaan ang sarili, magapi ang mga pag-atake ng kaaway at maisulong ang mga rebolusyonaryong gawain nito.

Reg.7.2. Upang maisakatuparan ang pleksibleng dispusisyon at pagkilos ng yunit, kailangang tiyakin ng kumand ang mga sumusunod:
a. pangkalahatang plano sa dispersal at konsentrasyon batay sa umiiral na sitwasyong pulitiko-militar at ayon sa nakahanay na mga tungkuling ipapatupad ng platun;
b. depinidong layunin, takdang tagal at direksyon ng bawat konsentrasyon at dispersal;
k. pagtiyak sa mahigpit na kontrol at ugnay sa pwersa at sa sapat na mga probisyon sa panahon ng konsentrasyon at dispersal;
d. plano at mga paghahanda para sa mga kagipitan at mga biglaang pagbabago sa sitwasyon;
e. istriktong sikretong pagkilos at pag-iwas na matukoy at mapadrunan ng kaaway ang latag, galaw, mga rutang daanan, mga lugar na himpilan at mga linya ng komunikasyon at suplay;
g. pagiging mapagmatyag lagi at maagap na pagpapasya at pag-akma sa bawat pagbabago sa sitwasyon, bakahin ang pagiging kampante at pagpapatumpik-tumpik gayundin ang pagpapadalos-dalos;
h. pagiging mapangahas at mapanlikha para palaging pahulain, lituhin at sorpresahin ang kaaway sa ating pag-atake gayundin sa paglaban sa kanyang mga pag-atake; at
i. mahigpit na ugnay at malawakang pagpapakilos sa masa sa pagsubaybay sa kalagayan, pagtupad ng mga gawain, paglutas ng mga problema at pagpapanatiling bulag at bingi ang kaaway.

Reg.7.3. Ang karaniwang moda ng pagkilos ng platung gerilya ay relatibong dispersal dahil gawaing masa ang nangungunang tungkulin nito.
Sa dispersal, tiyakin palagi ang mahigpit na kumand at kontrol sa buong platun. Iwasan ang labis na matagal na dispersal, ang labis na pagkakakalat sa maliliit at labis na magkakalayong mga yunit, at ang labis na pantay na pagkakahati-hati ng mga yunit dahil pawang nakapagpapahina ang mga ito sa kakayahan ng platun na lumaban at umakma sa mga biglaang pagbabago sa kalagayan. Sumusunod ang mga tuntunin sa dispersal ng platun:
a. laging magmantina ng isang iskwad na magsisilbing “main body” na base at angklahan sa paghiwalay at pagtitipon ng iba pang iskwad;

b. tiyakin palagi ng kumander ang kanyang epektibong pagsubaybay, pagkontrol at pagkomand sa nakakalat na mga yunit;
k. ilimita sa kontroladong radyus ng ilang kilometro ang karaniwang layo ng paghiwalay ng isang yunit mula sa "main body" – karaniwa'y sityo ng parehong baryo o kalapit na baryo lamang;
d. itakda ang maksimum na tagal na paghiwalay ng isang iskwad mula sa "main body" nang mula 3 hanggang 7 araw;
e. ang mga yunit (iskwad o mga taktikal na yunit) na hihiwalay sa "main body" ay dapat may malinaw na misyong nagsasaad ng depinidong tungkulin, lugar na kikilusan, tagal ng panahon at paraan ng ugnayan at pagtipon sa "main body";
g. panatilihin ang komposisyon at pamunuan ng mga iskwad kapag ito ay humihiwalay sa "main body" at tiyaking may kaukulang pamunuan ang mga taktikal na yunit na hihiwalay;
h. sa mga natatanging pagkakataon na kailangan ang mas malayong radyus o mas matagal na panahon ng paghiwalay ng isang bahagi ng platun, tiyakin na may mahusay itong pamunuan at relatibong malakas na kakayahang lumaban; at
i. kapag maghihiwalay ng isa o dalawang tim para sa ispisipikong gawain tulad ng sa paniktik, medikal, pakikipag-alyansa, pinansya, at iba pa, tiyaking hindi lubhang nababawasan ang kakayahang lumaban ng platun o ng aalisang iskwad.

Reg.7.4. Nagkokonsentra ang platun para magsagawa ng panloob na konsolidasyon (pulong pag-aaral, pagtatasa, paglalagom, pagpuna at pagpuna-sa-sarili, at mga katulad nito), pagsasanay pulitiko-militar, taktikal na opensiba, at iba pang aktibidad na nangangailangan ng tipong pwersa.

Reg.7.5. Dapat balakin ang konsentrasyon ng platun upang maiwasang lubhang dumalas o tumagal. Ang lubhang matagal o madalas na konsentrasyon ay nakakaubos ng panahong mas maigeng ilaan sa gawaing masa at iba pang gawain. Mabigat din ito sa lohistika at pwedeng sumingaw at pagmulan ng problema sa seguridad. Sumusunod ang ilang tuntunin sa pagkokonsentra ng platun:
a. kailangang may tiyak na layunin at tagal ang pagtitipon;
b. bago pa man ang pagtitipon, ihanda na ang mga pangangailangan para sa aktibidad na dahilan ng pagtitipon, tulad ng kabuhayan; bala, radyo at iba pang kagamitan kung para sa aksyong militar, ulat ng mga iskwad at mga burador kung para sa pagtatasa, mga gabay at sanggunian sa pag-aaral kung para sa edukasyon;
k. magpakahusay sa pag-iiskedyul ng iba't ibang tipo ng pagtitipong mabilis na tinatapos at iwasan ang mga pagtitipong marami at halu-halo ang mga layunin na hindi lamang masyadong tumatagal kundi padaskul-daskol pa at pahapyaw; at
d. piliing mabuti ang tyempo ng mga pagtitipon para mas tiyak ang tagumpay, imaksimisa ang paggamit sa panahon ng mga sangkot, at iwasan hangga't makakaya ang mga hindi kinakailangang abala at dislokasyon sa ibang gawain, halimbawa, samantalahin para sa internal na konsolidasyon ang panahong abala ang masa sa pagtatanim o pag-ani.

Reg.7.6. Sa gawaing militar, ginagamit ang konsentrasyon ng pwersa para maglunsad ng taktikal na opensibang naglalayong lumipol ng mahina at bulnerableng tropa ng kaaway. Upang tiyakin ang tagumpay dapat mag-ipon ng mas malaki at mas malakas na pwersa kaysa sa aatakehing pwersa ng kaaway. Magagawa ito sa pamamagitan ng pagsanib ng iba pang platung gerilya at mga yunit ng milisyang bayan.

Reg.7.7. Ginagamit ang taktika ng paglipat para umiwas sa lubhang malakas na pananalakay ng kaaway, ipreserba ang pwersa at pumwesto sa lugar na mas paborable sa pagbira sa kaaway at sa pagpukaw at pag-oorganisa sa masa. Depende sa laki at tagal ng pananalakay ng kaaway, maaaring pansamantala o matagalan, malapit o malayo ang paglipat. Ang matagalan at malayong paglipat ay ganap na

pagbabago ng saklaw na kinikilusan at pinagpapasyahan sa antas ng larangan at mas mataas pa base sa masaklaw na pagtaya sa kalagayang pulitiko-militar.

Reg.7.8. Ang pag-iwan sa isang base o sonang gerilya ay hindi padalos-dalos na ginagawa pero hindi dapat pag-alinlanganan kapag kinakailangan para mapreserba ang pwersa sa harap ng lubhang malakas na pag-atake ng kaaway. Sa abot ng makakaya ihanda ang masa at mga rebolusyonaryong pwersang maiiwan sa mga lokalidad para pangalagaan ang pwersa at seguridad, magpursigi sa organisadong pagkilos, at mantinihin ang mga alternatibong linya at pamamaraan ng pag-ugnay sa Partido at rebolusyonaryong kilusan. Kung kakayanin, mag-iwan ng pwersang patuloy na bibira sa kaaway at magmamantini ng ugnay at paggabay sa masa.

Reg.7.9. Ang platung SDG, bilang pangunahing pwersang militar, ay pwedeng mas madalas na lumipat ng pwesto at eryang saklaw para makapusisyon sa mga lugar na mas bentahe sa pagsasagawa ng mga taktikal na opensiba.